BOOK REVIEW

# Higit sa Ani: Rebyu ng Clean and Green: Knowledge and Morality in a Philippine Farming Community ni Axel Borchgrevink

Jeric I. Luistro

Ang *Clean and Green: Knowledge and Morality in a Philippine Farming Commun*ity ni Axel Borchgrevink (2014) ay higit pa sa simpleng etnograpiya ng isang pamayanang agraryo sa Bohol. Ito ay isang malalim na interbensyon sa teoretikal na diskurso tungkol sa ugnayan ng kaalaman, moralidad, at pagkilos sa konteksto ng rural Philippines. Sa isang tradisyon kung saan ang mga magsasaka ay madalas na inilalarawan bilang mga biktima ng estruktural na dominasyon o bilang mga rasyonal na tagaganap na kumikilos ayon sa interes, pinipilit ng aklat na ito na lumampas sa ganitong uri ng lente. Binibigyang-diin nito na ang pag-unawa sa agraryong pagkilos ay hindi maaaring ihiwalay sa mga moral at epistemikong balangkas ng komunidad. Sa ganitong paraan, ang aklat ay naghahatid ng mahahalagang paalala na ang rasyonalidad mismo ay kultural at moral na konstruksiyon.

Si Axel Borchgrevink ay isang antropologo na nakabase sa Norway. Siya ay may doktorado sa Social Anthropology mula sa University of Oslo. Kasalukuyan siyang propesor sa Oslo Metropolitan University (OsloMet). Dahil sa kaniyang interes sa pananaliksik, siya ay may karanasan sa pananaliksik sa iba't ibang larangan sa iba't ibang bahagi ng mundo (Latin America, Africa, Pilipinas, at New Zealand) at sa larangan ng rural development, resource politics, civil society, at indigenous rights. Nakabubuo siya ng mga aklat gamit ang kaniyang mga pananaliksik na isinagawa. Ang librong *Clean and Green: Knowledge*

*and Morality in a Philippine Farming Community* ay mula sa kaniyang pag-aaral sa doktorado. Gumamit siya ng balangkas mula sa cognitive anthropology (mga konsepto tulad ng cultural models at schema) at sociology of knowledge. Pagdating sa teoretikal na usapan, siya ay naimpluwensiyahan ng mga iskolar tulad ni Maurice Bloch (language/ cognitive anthropology), at ng malawak na literaturang pananaliksik tungkol sa indigenous knowledge systems at development.

Sa dalumat ng Antropolohiyang Pilipino, kung saan madalas na inilalarawan ang mga ugnayan ng usaping pang-agraryo sa lente ng patron-client o moral economy, binibigyan ng aklat ni Borchgrevink ang mga mambabasa niya ng makabagong pananaw: na ang mga nakikitang pag-uugali sa mga magsasaka ay hindi lamang bunga ng ekonomikong pangangailangan kundi ng isang masalimuot na sistema ng moral at kognitibong pag-iral. Sa tulong ng mga inilatag na tesis ng may akda, ang lokal na kosepto ng "clean and green" ay nagsisilbing daan upang mas lumawak ang estruktura ng kaalaman at pagpapahalagang Pilipino. Taglay ng kanilang mga karanasan ang mga negatibo at positibong pagpapahalaga ng mga Pilipino. Ang mga ito ay nagbibigay ng mas malawak na pagtingin sa mundo ng pagsasaka.

Ang sentral na tanong na pinupukas ng aklat ay emperikal: Bakit patuloy na nagbibigay ang ilang tenant o umuupa ng mas malaking bahagi ng ani sa may-ari ng lupa, kahit na pinahihintulutan ng batas ang mas mababang hatian? Sa dominanteng balangkas ng rational choice, ang ganitong kilos ay itinuturing na anomalya, isang di-rasyonal na kilos na labag sa ekonomikong interes. Sa lente ng patron-client framework, maaari itong basahin bilang resulta ng dependency o hegemoniyang kapangyarihanhan. Ngunit ipinakikita ni Borchgrevink na ang ganitong interpretasyon ay nagmumula sa maling teoretikal na panimulang punto. Ang problema ay hindi ang mga magsasaka, sa halip, ang problema ay ang lente na ginagamit upang suriin ang kanilang kilos. Sa halip na ituring ang desisyong ito bilang labis na pagbabayad sa may-ari ng lupa, ang aklat ay nagmumungkahi na dapat isaalang-alang ang moral at epistemikong balangkas na naglalarawan sa kanilang komunidad.

Ang pangunahing teoretikal na kontribusyon ng aklat ay ang paglalagay ng moral na epistimolohiya sa sentro ng pag-aaral ng agraryong pagkilos. Sa Ginopolan, ang mga desisyon sa agrikultura ay hindi hiwalay sa moralidad at kognitibong iskima ng komunidad. Ang mga tenant ay gumagawa ng kanilang mga desisyon ayon sa cultural model ng "clean and green," na lokal na nauugnay sa konsepto ng *hinlo*.

Ang hinlo ay hindi lamang literal na pagpapakahulugan ng kalinisan sa sakahan; ito ay isang moral at sosyal na kategorya. Ang pagiging malinis ay nangangahulugang pagiging maayos sa pagkikipag-ugnayan sa ibang tao, pag-iwas sa alitan, pagpapanatili ng reputasyon ito man ay para sa sarili o para sa lipunan, at pagsunod sa pamantayan ng komunidad. Sa ganitong pananaw, ang mga desisyon na maaaring tila hindi ekonomikong kapaki-pakinabang ay nagiging rasyonal at lohikal na konteksto ng moral na integridad at social cohesion.

Si Borchgrevink ay gumagamit ng mga teoretikal na lente mula sa cognitive anthropology at sociology of knowledge upang ipakita na ang kultura ay hindi koleksiyon ng simbolo, ritwal, o nakagawian. Ang kognitibong antropolohiya ay nakatuon sa pagsusuri kung paano binubuo, inuuri, at inuunawa ng mga tao ang mga pangyayari at bagay sa kanilang lipunang ginagalawan. Ito ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga prosesong kognitibo ng tao at ng mga pisikal at ideyasyonal na dimensiyon ng kultura (Simova et al. 2000). Ayon naman kay McCarthy (2006), ang sociology of knowledge ay sumusuri kung paano nagmumula sa mga panlipunang pangkat at institusyon ang mga ideya at kaalaman. Sa halip, ito ay isang hanay ng iskimang pangkaisipan na nag-oorganisa ng kaalaman at paggawi, nagsisilbing implicit na mapa ng mundo kung saan sinusukat ang tama at mali, kanais-nais, o de-kanonisado. Ang puntong ito ay mahalaga dahil inaalis nito ang artificial dichotomy sa pagitan ng "praktikal" at "moral". Ang kaalaman sa agrikultura—tulad ng pagtatanim, pag-aabono, at pag-aani—ay hindi maaaring ihiwalay sa moral na paghuhusga; ang teknikal ay palaging nakaangkla sa etikal. Nararapat lamang na ang bawat pagbibigay-turing sa isang bagay ay dumadaan sa etikal na konsiderasyon para sa makataong pananaw. Sa ganitong lente, ang rasyonalidad ay hindi masasabing neutral o unibersal; ito ay nakaugat sa moral na epistimolohiya ng komunidad.

Ang aklat ay malinaw na nagpapakita na ang moralidad ay sentral ng aksiyong panlipunan (social action). Ang labis na pagbabayad ng tenant sa may-ari ng lupa, halimbawa, ay hindi simpleng pagsunod sa pamimilit (coercion) o tradisyon. Ito ay isang aktibong pagsasabuhay ng pagiging malinis sa relasyon. Ang mapayapa at pantay na relasyon sa pagitan ng may-ari at tenant ay nakatutulong para sa pagpapataas ng moralidad ng isang lipunan. Ang reputasyon, social standing, at pakikipagkapuwa ay hindi sekondaryang konsiderasyon; sila ay core dimensions ng desisyon at pagkilos. Sa ganitong konteksto, ang social order ay pinananatili sa

pamamagitan ng deliberasyon, usapan, at moral na consensus, hindi lamang sa pamamagitan ng puwersa o legal na regulasyon.

Ang paglalarawan sa Ginopolan bilang isang moral na komunidad ay nagpapakita ng mas malalim na kahulugan ng social cohesion. Ang komunidad ay hindi lamang heograpikal na espasyo kundi lugar ng patuloy na ebalwasyong pangmoral. Ang mga pagpupulong sa barangay, samahang panrelihiyon, at kooperatibang gawain ay mga institusyon kung saan ang reputasyon at integridad ay sinusuri at pinalalakas. Ang pag-areglo ng alitan ay nakatuon sa pagpapanumbalik ng maayos na ugnayan at hindi lamang sa paglalapat ng parusa. Sa ganitong paraan, ang pamantayang panlipunan ay nagiging oral na proseso at ang bawat aksiyon ay may implikasyong moral at epistemiko.

Mahalagang aspekto ng aklat para sa pag-aaral at pananaliksik sa midya at komunikasyon ay ang pagsasabuhay ng komunikasyon bilang moral na proseso. Bagama't hindi lubos na nakatuon sa mass media, ipinakikita nito na ang reputasyon ay nabubuo sa pamamagitan ng usapan, tsismis, at publikong deliberasyon. Ang komunikasyon ay hindi lamang impormasyon; ito ay instrumento ng social regulation, moral evaluation, at pagbuo ng rasyonalidad. Ang kaalaman, ito man ay agrikultural o medikal, ay ipinapasa bilang bahagi ng moral apprenticeship, kung saan ang bawat gumaganap ay nagtuturo hindi lamang kung ano ang tama sa teknikal na paraan kundi kung paano ito makabubuti sa komunidad at sa kanilang reputasyon. Ang komunidad ay isang communication formation, kung saan ang kahulugan, awtoridad, at kapangyarihan ay patuloy na negosasyon.

Isang mahalagang implikasyon nito ay ang pagpapalawak ng konsepto ng midya sa konteksto ng Pilipinas. Sa karaniwang pokus sa urban mass media at digital platforms, ipinaaalala ng aklat na ang komunikasyon ay hindi nagsisimula sa teknolohiya. Ang mga lokal na espasyo ng deliberasyon, tulad ng bulwagan sa barangay, gawaing panrelihiyon, at pakikipagtalastasan, ay mga institusyong nagbibigay o gumagawa ng kahulugan na may sariling lohika at awtoridad. Sa ganitong paraan, ang pag-aaral ng midya ay hindi lamang tungkol sa teknolohikal na kagamitan kundi tungkol sa mga estrukturang panlipunan kung saan umiikot ang kahulugan at kapangyarihan.

Bagama't marami ang ambag ng aklat, may ilang limitasyon na mahalagang isaalang-alang. Una, ang empirikal na saklaw nito ay limitado sa isang komunidad lamang, kaya't nananatiling bukas ang tanong kung gaano kalawak ang aplikasyon ng clean/green na iskima sa ibang

konteksto sa Pilipinas. Pangalawa, habang kinikilala ang interaksyon ng lokal at global knowledge systems, maaaring mas napalalim pa ang pagsusuri sa epekto ng neoliberal agrarian restructuring, migrasyon, at pagbabago ng klima sa mga moral na balangkas ng komunidad. Pangatlo, may panganib na ang pagtuon sa mga cultural model ay magbigay ng impresyon na ang moral na konsensus ay mas matatag kaysa sa aktuwal na tensyon at hindi pagkakapangtay-pantay sa loob ng komunidad.

Sa kabila ng limitasyon, ang teoretikal na kontribusyon ng aklat ay hindi matatawaran. Sa paggiit na ang agraryong pagkilos ay nakaugat sa moral epistemologies, hinahamon nito ang mga iskolar ng mga pananaliksik na may kinalaman sa komunikasyon na isaalang-alang ang moral na dimensiyon ng diskuro at pagbuo ng kaalaman. Ang komunikasyon ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kundi mekanismo ng pagbuo ng rasyonalidad at pagkakakilanlan ng isang komunidad. Ang kaalaman ay hindi lamang kontent kundi isang relasyon—nakapaloob sa awtoridad, reputasyon, at kapangyarihan. Sa ganitong lente, ang etnograpiya ay nagiging teoretikal na argumento: ang moral at epistemikong balangkas ay hindi lamang imperikal na obserbasyon kundi pangunahing instrumento sa pag-unawa ng social action.

Ang *Clean and Green* ay naghahatid rin ng mahalagang sintesis sa diskurso tungkol sa rural development at polisiya. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa lokal na moral epistemology, ang mga interbensiyong pampolisiya ay maaaring mas maging sensitibo sa kontesto at mas epektibong magdisenyo ng programa na tumutugon hindi lamang sa ekonomikong pangangailangan kundi pati na rin sa moral at sosyal na dinamika ng komunidad. Ang aklat ay paalala na ang development communication ay dapat isaalang-alang ang cultural at moral logic, at hindi lamang ang teknikal o instrumental na aspekto.

Sa huli, ang *Clean and Green* ay higit pa sa isang etnograpiya ng isang pamayanan ng mga magsasaka; ito ay paanyaya sa muling pag-iisip sa relasyon ng kaalaman, moralidad, at komunikasyon sa lipunang Pilipino. Ipinakikita nito ang social action ay hindi maihihiwalay sa mga moral na balangkas na nagbibigay saysay rito, at na ang diskurso, kahit sa pinakasimpleng usapan sa baryo, ay lugar ng patuloy na paghubog sa papanlipunan. Sa ganitong pagbasa, ang aklat ay nagsisilbing mahalagang paalala na ang pag-aaral ng komunikasyon at social behavior ay hindi maaaring ihiwalay sa moral worlds na pinagmulan nito.

Sa kabuoan, ang aklat ni Axel Borchgrevink ay nagbibigay ng teoretikal at emperikal na lente na naglilipat ng pokus mula sa simpleng ekonomikong rasyonalidad patungo sa moral at epistemikong pagkilos ng komunidad. Ito ay mahalaga hindi lamang para sa mga anthropologists at rural sociologist kundi pati sa mga communication scholars, development practitioners, at sinumang nagnanais na maunawaan ang masalimuot na interplay ng kaalaman, moralidad, at social action sa Pilipinas. Ang *Clean* at *Green* ay maaaring bigyan ng mababaw na kahulugan bilang malinis sa usaping pangkalikasan subalit sa tulong ng malalim na pagdalumat dito gamit ang cultural model, nalaman kong ito ay may mas malalim pang ugat na pinanggalingan. Mula sa pagkakaroon ng koneksyong intelektuwal at moral, ito ay nagpapaliwanag ng diverse social phenomena tulad ng tenacy shares, cropsharing, communal upkeep, at iba't ibang praktika. Para naman sa metodolohiyang aspekto, nalaman ko kung paanong nagbigay ng malalim na kontribusyon ang pagsasama ng lingguwistika at kognitibong pag-aanalisa ng mga estratehiyang lokal tulad ng mga salitang ginagamit sa evaluative discourse sa praktial na etnograpiya ng agrikultura at politika.

Malaki ang maiaambag nito sa mga may hilig sa interes sapagkat magsisilbi itong malalim na gabay sa pagtingin sa pagsasaka o maging sa magsasaka mismo. Para sa mga mananaliksik, ito ay magsisilbing kongkretong modelo at metodolohiya upang pag-aralan ang relasyon ng kaalaman at moralidad sa agrarian contexts. Magsisilbi rin itong inspirasyon para sa pagkakaroon ng fieldwork bilang bahagi ng pananaliksik. Ang mga pamamaraan at proseso na inilatag ng may akda ay maaaring gawin upang magkaroon ng organisasyon ang pagkuha ng mga datos sa mga komunidad na pagsasagawaan ng pananaliksik. Malaking bagay din ito sa mga gumagawa ng polisiya upang mapag-igting ang pagpapatupad sa mga karapatan ng mga tenant.

# References


Borchgrevink, A. (2014). *Clean and Green, Knowledge and Morality in a Philippine Farming Community* (1st ed.). Ateneo de Manila University Press.

McCarthy, E. D. (2006). Sociology of knowledge. *Sociology Faculty Publications*, Article 7. https://fordham.bepress.com/soc_facultypubs/7

Simova, B., et al. (2000). *Cognitive anthropology*. University of Alabama, Department of Anthropology. https://anthropology.ua.edu/about-the-department

## Grant Support Details

**Author Contributions:** All research activities and writing were done by J. Luistro. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

**Funding:** The author received no specific funding for this work.

**Acknowledgements:** The author would like to thank Axel Borchgrevink for crafting the book that served as the subject of this review and for providing valuable insights through his scholarly work. The author also extends sincere gratitude to Dr. Deborrah S. Anastacio, professor in Riserts sa Araling Filipino, for assigning this book review as part of the course requirements and for her insightful comments and constructive suggestions, which greatly contributed to the refinement and improvement of this review.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.


## About the Author


**JERIC I. LUISTRO** (jeric_luistro@dlsu.edu.ph) is a Filipino language and literature instructor of the Batangas State University The NEU San Juan Campus. He is currently the coordinator of Research and Extension Services of the said institution. He is now in the PhD in Philippine Studies-Language, Culture and Media (Research Track) program in De La Salle University Manila.


## *Plaridel* Open Access Policy Statement


As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).


## How to cite this article in APA


Luistro, J. I. (2026). Clean and green: Knowledge and morality in a Philippine farming community book review. *Plaridel*. Advance online publication. https://doi.org/10.52518/2026-28jlstro